

Sacramento County Counts

Karaniwang Mga Tanong

Bakit mahalaga ang Senso 2020 para sa Sacramento County?

Sa pinag-uutos ng saligang batas, isinasagawa ang Senso tuwing ika-10 taon upang mangalap ng wastong kaalaman sa mga naninirahan at iba't ibang lugar ng Estados Unidos. Mahalaga ang pagbibilang. Ang mga kaalamanang nangalap sa bilang ay tumutulong para sa pamamahagi ng pondo ng bayan. Ang pagbahagi ng kung ilan ang mangangatawang opisyal or pinuno sa bawat estado ng bansa, ang pagguhit ng mga distrito at pook, at ang mga pagpapasya ng pamahalaan, negosyo at pangangalakal, at mga grupong itinatag para sa kawang-gawa.

Sa bawat isang mamayan na hindi mabibilang, nawawalan ang ating pamayanan ng \$1,000 pondo kada taon para sa kalusugan, edukasyon, transportasyon, pabahay, pagpapatupad ng karapatang tao, pagsasanay sa hanapbuhay, pagapapatupad ng batas, pagkain, paglilingkod na pambatas, at iba pa.¹

Ano ang mga hamon para maisakatuparan ang wastong bilangan?

Maraming paghamon para maisakatuparan ang wastong pagbibilangan sa Senso 2020 sa Sacramento County tulad ng: Binawas na pondo mula pamahalaan para sa bilangan; Binagong pangangalap ng datos o kaalaman. Sa unang pagkakataon, ang mga kasagutan o tugon ay titipunin mula sa online na pamamaraan; Tumataas na walang-tiwala sa pamahalaan, at ang mali or negatibong pananaw sa Senso, pati na rin ang maaaring pagsama ng tanong tungkol sa citizenship; Kalakihan ng populasyon na mahirap bilangin o isama sa bilang, at ang mababang pagtugon nila.

Paano nation makakamit ang wastong at tamang bilang sa Sacramento County?

Upang matiyak na lahat ng mamayan ng Sacramento County ay mapapasama sa bilangan sa Senso 2020, ang Complete Count Committee ay binubuo ng mga pinagkakatiwalaang mga pinuno na may malakas na samahan or kapisanan sa mga komunidad na mahirap bilangin. Sila ay gumagawa ng mga pamamaraan na magpapakita ng iba't-ibang pangangailangan ng mga populasyon o grupong mahirap isama sa bilangan.

Ang mga paraan nila ay nagbibigay diin sa pakiki-akibat sa iba't-ibang sektor kasama na ng mga nasa edukasyon, negosyo at kalakalan, kalusugan, at mga manggagawa sa Sacramento, na mayroong mas matinding ugnayan sa mga komunidad na mahirap bilangin or isama sa bilangan.

Ang mga paraang ito ay isinasakatuparan kaakibat ang lakas ng lokal na pamumuno, ng estado ng California, at ng pambansang pamahalaan na nakikipagtulungan upang mapalakas pa ang ugnayan mga sanib-sanib na sector sa buong Sacramento County.

Paano ako makikilahok at makakatulong?

Ang Sacramento County Complete Count Committee ay pinamumunuan ng Sacramento Region Community Foundation, Sacramento ACT, at ng Sacramento County. Para sa karagdang kaalaman, puntahan ang SacramentoCountyCounts.org at census2020.saccounty.net.

EDUKASYON: Enero 2018 hanggang Marso 2019: Paghahanda sa Ugnayan o Outreach

PAGSASAPUBLIKO: Abril 2019 hanggang Pebrero 2020: Pagsasapubliko ng Senso 2020

PAGHIHIKAYAT: Marso 2020 hanggang May 2020: (Abril 1, 2020: Araw ng Senso) Todong Panghihikayat, Ugnayan at Suporta sa Senso

PAALALA: Hunyo 2020 hanggang Hulyo 2020: Matinding ugnayan sa mga komunidad na mababa ang pagtugon

SINO ANG MAHIRAP-NA-BILANG SA

Probinsiya ng Sacramento

Mula sa huling talaan, ang Sacramento County ay nasa ika-walong pinakamahirap bilangin na lalawigan sa estado. Ang mga populasyon na mahirap isama sa bilangan at maaring hindi mapasama sa wastong bilang ay ang mga sumusunod:²

LAHI	23% Hispanic 12% Black 18% Asian 2% American Indian or Alaska Native 2% Native Hawaiian or Pacific Islander
IMIGRANTE	22% ng populasyon na isinilang sa labas ng Estados Unidos na tinatayang 324,662 katao
BATA SA ILALIM NG 5 TAON	7% ng populasyon na mga bata sa ilalim ng limang taong gulang na may tinatayang 107,143 kabuuan
UMUUPA	45% ng mga sambahayan ng probinsiya ay inookupahan ng mga umuupa, tinatayang 236,218 kabahayan
NANGUNGUPAHAN	26% ng mga kabahayan ay nasa mga gusali na 2 o higit pang unit (tinatayang 148,719 unit ng pabahay), at ang 13% ay nasa may mga gusali na may 10 higit pang mga unit (tinatayang 74,275 unit ng pabahay).
MALIIT ANG KITA	18% ng populasyon ay salat sa buhay (tinatayang 260,877) 19% ng populasyon ay malapit nang maghirap (tinatayang 279,592 katao ang kumikita sa pagitan ng 100-200% sa antas ng kahirapan)
KABATAAN	24% ng populasyon ay nasa ilalim ng 18 gulang, tinatayang 367,348 na kabataan
LGBTQI	Ayon sa Gallup poll mula 2012-2014 sa lungsod ng Sacramento pa lang ay may 3.9% LGBT papulasyon na. Walang ulat or datos kung ano ang bilang sa kabuuan ng Sacramento County. Nagtatantiya si Kerith Contron ng UCLA William Institute na nakakaligtaan bilangin ng Senso ang 80% ng komunidad ng LGBTQ sa Estados Unidos. Sa Estados Unidos, ang mga may sapat na gulang na LGBTQI ay sa pagitan ng 3 hanggang 4.5%.
KAWALAN NG PABAHAY	.22% ang tinatayang walang madalas matirahan o homeless at dumadanas ng kawalan ng pabahay, tinatayang 3,655 na katao
MAY KAPANSANAN	8.8% ng populasyon sa ilalim ng 65 taong gulang ay may kapansanan, tinatayang 122,449 na katao
MATATANDA	14% ang higit sa 65 taong gulang, tinatayang 122,449 na katao
MGA BETERANO	5.6% humigit-kumulang sa populasyon ay mga beterano, tinatayang 85,177 na katao

¹Bansang Sacramento 2020 Sensus FAQ para sa Munisipyo, Hulyo 6, 2018; ²<https://www.census.gov/quickfacts/sacramentocountycalifornia>; ³ Ang porsyento na ito ay para lamang sa lungsod ng Sacramento bilang nakilala sa pahina 10 sa 2017 Audit of the City's Gender and Ethnic Diversity; ⁴<https://www.universityofcalifornia.edu/news/census-overlooks-lgbtq-community>